**FILIPINO**

ASYNCHRONOUS ACTIVITY #1

A. Ano kaya ang maaaring susunod na mangyayari para sa bawat sitwasyon. Gamitin ang iyong naunang kaalaman o karanasan para mapili at mabilugan ang pinakatamang sagot. Isulat ang titik sa patlang.

_____ 1. Nakakalat sa hagdan ng bahay ang mga bolang maliliit na hindi naligpit ni Isko.

a. Maaaring maging sanhi ito ng aksidente tulad ng pagkahulog sa hagdan kapag ito'y naapakan.

b. Madaling mahahanap ni Isko ang mga bola kapag gusto na uli niyang paglaruan.

_____ 2. Nakasimangot at bubulung-bulong si isko kapag inuutusan siya ni Nanay.
a. Mapagsasabihan siya ni Nanay dahil sa maling ugali niya.

b. Mabibigyan siya ni Nanay ng premyo dahil sa ugali niya.

_____ 3. Bukod sa mga laruan ay nagkalat din ang mga tira-tirang pagkain sa kuwarto ni Isko.

a. Puwedeng ipamigay ang mga tirang pagkain sa mga kaibigang dadalaw.

b. Puwedeng pamahayan ng daga, langgam, at ipis ang kanyang kuwarto.

_____ 4. Sa kanal na nasa likod-bahay itinatapon ni Isko ang mga basurang ipinalabas ni Nanay.

a. Magbabara ang kanal at puwedeng pagsimulan ng pagbaha.

b. Mapapakinabangan ito ng mga taong nagnenegosyo ng basura.

_____ 5. Nanaginip si Isko na pinasok ng baha ang kanilang bahay at siya ay muntik nang matangay ng tubig.

a. Matatakot nang matulog si Isko dahil sa panaginip.

b. Magbabago na si Isko at hindi na magtatapon kung saan-saan.

LIVEWORKSHEETS

B. Pag-ugnayin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto. Isulat sa linya ang titik ng tamang sagot.

Ano kaya ang ibubunga kung si Isko ay...

_____ 1. lagi nang magliligpit ng kalat sa kanyang kuwarto?

_____ 2. tutulong sa mga gawaing-bahay kahit hindi inuutusan ni nanay?

_____ 3. magiging masipag sa pag-aaral?

_____ 4. hindi na magtatapon ng basura sa kanal na nasa likodbahay?

_____ 5. magtatanim ng puno at halaman sa kanilang bakuran?

a. Dadaloy nang mabuti ang kanal at hindi ito magbabaha.

b. Gaganda ang bakuran at mapipigil ng mga ugat ng puno ang pagbaha.

c. Hindi na gaanong mapapagod si Nanay at tiyak na matutuwa pa ito sa kanya.

d. Magiging malinis at maayos lagi ang kuwarto niya

e. Matututo siya ng maraming bagay at maaaring tumaas pa ang kanyang mga marka.

LIVEWORKSHEETS